


**ISA ANG SAN FRANCISCO SA MGA SYUDAD
SA BUONG BANSA NA MAY PINAKAMALAKAS
NA BATAS UKOL SA ACCESS SA WIKA,
NGUNIT DAPAT NATING TIYAKIN NA ITO AY
NAIPAPATUPAD PARA SA LAHAT.**

Mga 34% ng mga naninirahan sa San Francisco ay mga imigrante

45% ng mga taga San Francisco ay nag-uusap sa wikang hindi English sa kanilang mga tahanan

14% ng mga sambahayan sa San Francisco ay “naihihiwalay dahil sa kanilang wika” at wala sa mga may edad lampas ng 14 taong gulang ang nagsabing “mahusay” o “napakahusay” nilang magsalita ng English

Ang pinakamalaking grupong-wika sa San Francisco ay Chinese, Spanish, Tagalog, at Russian.



**ANG SUMUSUNOD NA MGA KAGAWARAN AY DAPAT
TUMALIMA SA LANGUAGE ACCESS ORDINANCE**

ILAN SA MGA ALAM MO:

SFO Airport
Elections Department
Fire Department
Human Service Agency
Municipal Transportation Agency (MUNI)
Police Department
Public Health Department
Public Libraries
Recreation and Parks
Sheriff's Office
Treasurer and Tax Collector
San Francisco Zoo

**ILAN SA MGA HINDI MO MARAHIL ALAM, NGUNIT DAPAT DING
TUMALIMA:**

Adult Probation
Assessor Recorder
Building Inspection
Building Management at City Hall
District Attorney
Emergency Management
Environment agency
Juvenile Probation
Office of Economic and Workforce Development
Planning Department
Public Defender
Public Utilities Commission
Public Works
Residential Rent Stabilization and Arbitration Board



LANSF

**LANGUAGE ACCESS NETWORK
OF SAN FRANCISCO**


**INI-AATAS NG LANGUAGE ACCESS ORDINANCE (LAO) SA MGA
PANGUNAHING KAGAWARAN NG SIYUDAD NG SAN FRANCISCO NA TIYAKING
MAPAGLINGKURAN ANG MGA INDIBIDWAL NA DI-GAANONG NAKAKAPAG-
SALITA NG WIKANG ENGLISH.**

Ang kalayaang makapag-pahayag o makagamit ng sariling tinubuang wika ay nangangahulugang pantay ang access ng lahat sa mga serbisyo ng pamahalaan.

Isang Gabay mula sa Language Access Network ng San Francisco (LANSF)

African Advocacy Network - 415-503-1032
Arab Resource & Organizing Center - 415-861-7444
Central American Resource Center - 415-642-4400
Chinese for Affirmative Action - 415-274-6750
Filipino Community Center - 415-333-6267
Mujeres Unidas y Activas - 415-621-8140
PODER - 415-431-4210

**ANG LANSF AY TUMATANGGAP NG PANG-KOMUNIDAD NA
KALOOB MULA SA OCEIA.**



INI-AATAS NG LAO NA ISAGAWA NG MGA PANGUNAHING KAGAWARAN NG SIYUDAD ANG SUMUSUNOD PARA SA SPANISH, CHINESE, AT TAGALOG:

1.

Magkaroon ng *kawaning nakakapagsalita ng dalawang wika* sa mga posisyong palagiang nakikipag-ugnay sa publiko gaya ng mga nakatalaga sa pambungad na mesa, mga resepsyonista, at mga tagapag-ayos sa kaso ng mga kliyente

2.

Isalin ang mga sulating nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo, gaya ng mga benepisyo, mga katangiang kailangan, mga pagsusulit ng kakayahan, at sa pag-apela

3.

Magpaskil ng mga *pambublikong abiso* tungkol sa mga naisaling mga sulatin at sa mga kawaning nakakapagsalita ng dalawang wika

BIGYANG PANSIN: DAPAT MAGKAROON NG PAGSASALIN SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO ANG MGA KAGAWARAN NG SIYUDAD NA WALANG KAWANING NAKAKAPAGSALITA NG DALAWANG WIKA.

KARAPATANG HUMILING NG PAGSASALING-WIKA:

Ini-aatas ng LAO na ipagbigay-alam ng lahat ng kagawaran ng siyudad sa mga di-gaanong nakakapag-salita ng wikang English, gamit ang katutubo nilang wika, na may karapatan silang humiling ng serbisyo ng pagsasalin. Maaring hilingin ang pagsasalin sa lahat ng mga wikang ginagamit sa San Francisco.

MGA PAMPUBLIKONG PULONG AT PAGLILITIS

Ini-aatas ng LAO sa mga Board, Commission, at Department ng syudad na magbibigay ng oral na interpretasyon kung merong kahilingan para sa pagsasaling-wika na hiningi hindi kumulang sa 48 oras bago mangyari ang mga pambublikong pulong at paglilitis


NARANASAN MO BANG MALABAG ANG KARAPATANG IPAHAYAG ANG SARILI SA TINUBUANG WIKA?

Humiling ka ba ng pagsasaling-wika at pinagkaitan?

Wala bang kawaning nakakapagsalita ng wikang Spanish, Chinese, o Tagalog?

Hindi ba naisalin sa wikang ito ang isang mahalagang surat o form na dapat sana'y sinagot mo?

Kung nalabag ang iyong karapatan, pag-isipan mong magsampa ng reklamo upang maitala ito sa kagawaran ng syudad at maisagawa ang nararapat na pagpapabuti.



PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO

Inia-atas ng LAO na mabigyan ka ng bawat kagawaran ng syudad ng pagkakataong makapaghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o ng isang form na doon maihahayag ang reklamo. Kung walang telepono o pang-reklamong form, maari ka pa ring magsampa ng reklamo.

1.

Makipag-ugnay ka sa isang ahensya ng Language Access Network na nakalista sa harap ng pulyetong ito

2.

Tumawag sa 311. Sabihin mo sa operator ang kinailangan mong pangwikang serbisyo, ang araw at oras ng pangyayari na iyong inireklamo, at ang kagawaran na hiningan mo ng serbisyo

3.

Contact the Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs. Call 415-554-5098 or email civic.engagement@sfgov.org